Mga tips sa pag-aaral

Mga tips at ideya na nakakatulong sa pag-intindi ng inyong binabasa.

Bago magbasa

Isipin at isulat ang iyong kaalaman tungkol sa paksa.

Basahin ang lahat ng pamagat at ang sumusunod na pamagat at bigyan-diin ang mga mahalangang salita sa buong talata.

Tingnan ang mga litrato, “graphs,” “picture captions’, at paningit sa buong talata

Mag-isip ng mga tanong na gusto mong masagot habang nagbabasa ka.

Habang nagbabasa

Magsulat ng “notes”, kopyahin ang mga headings, at pumili ng kahit isang detalye tungkol sa bawa’t konsepto o ideya.

Subukang hulaan ang kahulugan ng hindi kilalang mga salita sa pamamagitan ng paggamit sa kanila at pagkatapos ay tiyakin sa glossary o diksiyunaryo ang kahulugan nito.

Tingnan lahat ang “visual graphics” sa talata para matulungan ka sa pag-intindi ng pangunahing ideya.

Tingnan kung ang iyong mga tanong ay nasagot na. Pagkatapos, tanungin mo uli ng bagong tanong ang iyong sarili, habang bumabasa ka.

Kung nakakatulong sa iyong pag-intindi,subukang gumawa ng imahe sa isip upang maisalarawan ang impormasyon.

Gumuhit ng sariling “visual graphic” para uri-uriin at mapagsama ang impormasyon. Halimbawa,kung ang talata ay pinaghati ang impormasyon sa tatlong magkahiwalay na kategorya, lumikha ng talaan na may tatlong kolums, para nakalista ang mga halimbawa ng mga aklat-aralin. Dagdagan mo na rin ng sariling halimbawa.

Bigyan diin sa iyong “notes” ang mga bagay na nakakalito. Siguraduhing magtanong o magpatulong sa guro upang matulungan ka sa pag-intindi ng mga puntong ito.

Pagkatapos magbasa

Isipin ang mga “key points” at detalye.

Ikumpara ang material na iyong binabasa sa mga talaan na iyong ginawa at sa mga diskusyon sa klase.Kausapin ang guro kung may napansin kang pagkaka-iba.

Isulat ang mga ideya, masasabi, at ang

mga tanong. Maaring makatulong ang mga ito sa susunod na diskusyon sa klase, takdang aralin at pagsusulit.

“Study Tips”

“Mga tips sa Pag-aaral”

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Mga “Tips” sa Pag-aaral

Mga nakakatulong na ideya tungkol sa pagiging mas matagumpay na mag-aaral.

Mga tips sa pag-aaral



Ang pag-aaral sa BC ay maaring ibang-iba sa iyong dating nakasanayan.

Ang pag saulo ng katunayan(facts) ay isang bahagi lamang para maging matagumpay ang mag-aaral.

Malaking halaga ang binibigay sa mag-aaral na nagpapakita ng malayang kakayahan sa pag-isip.

Ang paghamon ng ideya sa mga talakayan ay isang paraan upang ipakita ang malayang kakayahan ng pag-iisip ng isang mag-aaral.

Mga diskusyon sa klase ay isang mahalagang bahagi ng pag-aaral at paraan upang makita ng mga guro ang progreso ng mag-aaral.

Mahusay na paggamit ng oras sa klase

Siguraduhin na dumating sa tamang oras, nakapag-pahinga at handang matuto.

Hingin sa guro na magsulat ng "notes" sa pisara upang makita at marinig ang impormasyon.

Magsulat ng "notes" at palaging mag-repasa para sa eksamen.

Magtanong kapag hindi siguradong nakaintindi. Makakatulong ito para sa ***lahat.***

Makinig mabuti sa guro kapag sinasabi ang mga mahalagang punto at ideya na dapat pag-aralan.

Ang matagumpay na mag-aaral ay may magandang ugaling kinagagawian. Ito ay:

- pagtanggap sa responsibilidad ng sariling pag-aaral.
- paggamit ng "agenda"para isulat ang mga assignment, petsa ng eksamen, pag-sumite ng assignments at ang pagtakda ng layunin sa pag-aaral.
- pag-alam ng dahilan sa maling gawain para hindi maulit ito.
- alamin ang lakas at kahinaan at subukang pagbutihin ang gawain sa lahat ng bagay.
- kausapin ang guro bago mag-sumite ng assignment lalong-lalo na kapag hindi nila ito matapos sa tamang petsa o oras..
- humingi ng tulong kapag nahihirapang umintindi ng babasahin o gawain.
- kumuha ng kopya ng mga "notes" ng klase, "notes" galing sa kaibigan,at "handouts" galing sa guro kung sila ay nag-absent sa klase.
- lagi mag-repaso ng aklat-aralin, gawain sa klase at assignments na kailangan sa buong kataga.

Ang mga dapat gawin at di - dapat gawin sa paghahanda para sa eksamen o pagsusulit.

Gawing maging makatotohanan kung ilang oras kailangan mag-aral.

Di dapat pagpuyatan sa isang gabi lamang ang pag-aaral sa lahat ng aralin. Ayon sa pananaliksik, mahirap maalala ang pinag-aralan kapag kulang ka sa tulog.

Gawing mag-aral sa isang tahimik na lugar para makapag-concentrate.

Di dapat mag-panic, mag-alala o maging abala.

Gawing mag-aral kasama ng mga kaibigan na seryoso sa pagiging matagumpay bilang mag-aaral. Magpalit-palitan sa pagtatanong tungkol sa aralin.

Di dapat basahin ang aralin ng isang beses lamang. Kinakailangan ang paulit-ulit ng pagbabasa ng aralin para maintindihan at maalaalang mabuti it**o.**